# Kabanata 9:
# HIWAGA NG ARAW

NANG dumilat si Iska, nakita niya si Kiko sa harap niya. Mata at talukap lang ang tanging naigagalaw niya. Iniabot sa kaniya ni Kiko ang dalawang sisidlang hindi niya napili. Pinainom ito ni Kiko sa kaniya. Naramdaman muli ni Iska ang pagguhit ng inuming iyon sa kaniyang lalamunan. May sakit sa katawan niya sanhi ng pagbagsak, subalit nang maubos na niya ang laman ng sisidlan, nawala lahat ng sakit na nararamdaman niya pati na rin ang pamamanhid ng katawan.

"*Bestie*, paano ba 'yan? Kailangan mong alalahaning maigi ang lasa at amoy ng mga halamang gamot. Hindi mo ba natatandaan 'yan mula sa hardin ni Lola Da?"

Dahan-dahang umupo si Iska at sumandal sa puno ng tipolo. "Unang pagsubok pa lang, hindi ko na agad kinaya," bulong ni Iska. "Nagkamali ba ang Bathala sa pagpili sa akin?" dugtong pa nito.

Bago pa man sumagot si Kiko, nagliwanag ang papel na siyang naglalaman ng pagsubok. Sa isang hampas ng hangin, nagbago ang mga nakapatong sa mahabang mesa sa harap niya. Nabasa ni Iska mula sa mga simbolo doon na may isa pa siyang pagkakataon upang ipanalo ang pagsasanay. Kaya naman, sa ikalawang pagkakataon, tumayo si Iska at hinarap muli ang sisidlang nakapatong sa mesa.

"Kaya mo 'yan, *bestie*!" sabi ni Kiko. "Hindi naman lahat magaling sa umpisa."



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 92 11/20/2024 8:06:55 AM

Hindi na sisidlang baso ang nasa harap ni Iska. Tatlong kandila ang nasa harap ni Iska. Kailangan niya itong sindihan gamit ang kaniyang sariling lakas. Ayon pa rin ito sa mga simbolo sa kaniyang hawak na papel.

"Paano ko naman sisindihan ang mga kandilang ito?" bulong ni Iska.

"No comment," sagot ni Kiko. "Baka kasalanan ko pa kung magkamali ka. Magalit pa si Apolaki sa akin."

Napabuntong-hininga na lang si Iska at malungkot na tiningnan ang mga kandila. Malapit na sana siyang sumuko nang maalala niya ang pamilyang umaasa at naghihintay sa kaniya. Sa isang saglit, may hanging muling bumulong sa kaniya na tila nagbigay ng isang orasyon na magpapalakas sa kaniya. Naluluha na siya pero kailangan niyang lumaban at magpakatatag.

Hindi niya matingnang maigi ang kandila dahil sa dami ng kaniyang iniisip. May parte ng isip niya na pumipigil sa kaniya na ipagpatuloy ang pagsasanay ngunit mas matimbang pa rin sa kaniya ang paglaban. Muli, huminga siya nang malalim at tiningnang maigi ang dulo ng mga kandila.

May hanging bumulong sa kaniya. "Kailangan mo lang isipin na may lalabas na apoy sa mga kandilang iyan tuwing sinasabi mo ang orasyon na iyon." Nawala sa buwelo si Iska. Tumalon-talon siya at huminga nang malalim.

*Kaya ko 'to*, bulong niya sa sarili.

Lumikha si Iska ng imahe ng apoy sa bawat kandila gamit ang imahinasyon. Gamit ang buong lakas, isip, at atensiyon, patuloy niya lang inisip nang inisip na makakita ng apoy sa kandilang iyon. Dahil dito, biglang nagliwanag ang palawit na araw sa kaniyang kuwintas.

Lumipas ang isang minuto ngunit wala pa ring nangyayari, subalit nang humampas bigla ang mainit na hangin sa paligid ay nasindihan niya, sa wakas, ang tatlong kandila sa harap.

"Woooh! Sa wakas!" Napatalon si Iska sa saya, subalit, sa pagtalon niyang iyon, muli siyang nawalan ng malay. Hindi pa sanay si Iska sa pagbabago sa kaniyang buhay.

SA IKALAWANG pagbabalik ng malay ni Iska, nakita niya si Kiko na nakaupo sa harap niya at masayang sumisipol-sipol. Pilit siyang umupo at sumandal muli sa puno ng tipolo at mahiwagang nagkakaroon siya ng lakas tuwing gagawin ito. Parang sa puno ng tipolo siya nakababawi ng lakas sa dami ng kaniyang pagod na naranasan sa nakalipas na oras.

"Nakabawi ka na ba ng tulog?" tanong ni Kiko. "Kanina pa nagliliwanag ang papel, *bestie*. Alalahanin mo, tumatakbo ang oras."



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 93 11/20/2024 8:06:55 AM

Muling nagliwanag ang mahiwagang papel. Lumabas ang pangalawang simbulo: ang hugis tatsulok. Tila nagpapahiwatig kay Iska na gawin na ang susunod na misyon. Nakaupo na si Kiko sa balikat ni Iska na tila bagot na bagot na.

Kasabay ng pagliwanag ng papel ay ang paalala na hawakan ni Iska ang puno ng tipolo upang lumakad na papunta sa susunod na lokasyon ng pagsasanay. Agad naman itong ginawa ni Iska. Naging lagusan na ni Iska ang puno ng tipolo tungo sa iba't ibang lugar sa Hiraya.

Sa isang iglap, narating agad ni Iska ang burol ng kaniyang susunod na pagsubok.

"Ang susunod na pagsasanay ay pag-akyat lang sa burol na ito bago ang takipsilim." Pilit kinukumbinsi ni Iska ang sarili na kaya niya.

Ito ang pagkakaunawa ni Iska sa mga simbolo sa papel na hawak niya. Para kay Iska, madali lang ang paglalakad. Kinaya niya namang maglakad noong PE *class* nila. Siguro naman, hindi siya mahihirapan dito. Madali lang din ang pag-akyat sa puno kumpara sa pag-inom ng Aramin.

Mas kampante si Iska sa susunod na pagsasanay. "Kaya ko 'to."

"Kukulangin ka sa oras kung puro ka *commercial break*," pagpapaalala ni Kiko.

Hindi na nag-aksaya ng oras si Iska. Humakbang na siya paakyat ng burol.

Habang pataas nang pataas ang inaakyat niya, ramdam niya ang pagod sa mga binti. Gusto niyang uminom ng tubig. Tuyong-tuyo na rin ang kaniyang lalamunan. Gusto niya nang umupo sa gilid, subalit hindi siya hinahayaan ni Kiko na hindi na umalis sa balikat niya. Panay ang paalala nito na lumakad. Kukulangin sila ng oras kapag naging mabagal pa si Iska.

"Lakad pa, *bestie*. Lakad. Lakad." Hinihingal na si Iska subalit wala siyang makitang awa sa kasama niya. Daig pa nito si Apolaki sa sobrang higpit.

Sumasabay sa pagod ni Iska ang ihip ng malamig na hangin. Maambon. Naghalo na ang kaniyang pawis sa noo at ang tubig-ulan na nagdadala ng lamig sa katawan niya.

Sa bawat hakbang, iniisip niya ang pamilya. Sa bawat hakbang ng mga paa niya, iniisip niyang ibalik ang kampana. Sa bawat hakbang niya, mapatutunayan niya rin sa sarili na mayroon siyang tinig at kakayahan na makatulong sa kaniyang pamilya.

"Napakahirap talagang maging anak ng Bathala. Lahat kailangang kayanin," bulong ni Iska.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 94 11/20/2024 8:06:55 AM

Maraming pumasok sa isip ni Iska. Pero mas nangingibabaw rito ang boses na lagi niyang naririnig tuwing nahihirapan siya. Ito ang boses na nagbibigay sa kaniya ng gabay sa susunod pang gagawin tuwing nasa alanganin.

"Huminga ka lang nang malalim sa bawat hakbang, nang hindi ka mapagod agad," bulong na naman ng isang misteryong hangin na palaging bumubulong sa kaniya. Hindi niya sigurado kung saan nanggagaling ang boses na ito, pero kahit papaano ay sinusunod niya ito.

Akala niya noon, sa mga babasahin lang magkakaroon ng isang abandonadong bahay. Hindi pala. Mayroon din pala nito sa totoong buhay. Kaya naman laking gulat niya nang may isang kubo na bukas ang pinto at ang mga bintana. Basa ang mga pawid nito dala ng ambon at bagyo noong nakaraang araw.

Binagtas ni Iska ang daan papunta roon. Pagdating niya sa kubo, nakita niya ang isang pana. Hindi kagaya ng pana na nakikita niya sa mga palabas sa telebisyon, ang panang ito ay kulay itim. Hindi gawa sa kahoy. Tila nagniningning din nang makita niya ito. Naalala niya ang tindig ni Apolaki, ang diyos ng araw.

Napatingin naman si Kiko sa bagay na iyon. Nagtaka ito, subalit hinayaan niya lang si Iska na kunin ang mahiwagang bagay na iyon. Inilagay naman ni Iska sa likod niya ang pana na tila isang bag na nakatabi lamang sa isang bahagi ng katawan niya.

Muling narinig ni Iska ang tinig. "Kunin mo ang sandatang iyan. Makakatulong 'yan sa iyo sa hinaharap." Pagkarinig nito, agad na kinuha ni Iska ang mga mahiwagang bagay.

Pagkalabas ni Iska, nakita niya ang pinakamatarik na bahagi ng burol. Pakiramdam ni Iska, lumakas siya sa mga ininom niyang halamang gamot mula sa unang pagsubok. Kailangan niyang tatagan ang isip at lakasan pa ang loob upang magpatuloy.

"Kaya mo 'yan, *bestie*!" sabi ni Kiko na kumportableng nakaupo lamang sa balikat niya.

"Alam kong kaya ko, kakayanin ko, at gagalingan ko pa," sagot naman ng dalaga. Sa pangalawang pagsasanay, mas lumakas ang loob niya dahil sa una niyang paglikha ng apoy gamit lamang ang isip. Kung masasanay pa siyang gamitin ito, tiyak na mananalo siya sa Bakunawa.

Mas mahirap nang bagtasin ang daan. Hindi na ito konkreto. Lupa na lamang ito. Halatang hindi tinapos ang pagpapatag sa bahaging ito. Wala siyang ibang makita kundi ang mga talahib sa paligid. Kanan at kaliwa,



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 95 11/20/2024 8:06:55 AM

pareho ang larawang nakikita niya. Nang tumagal-tagal pa, nakita niya na sa wakas ang isang napakalaking puno ng mangga sa pinakatuktok ng burol.

Bagaman mabigat na para sa kaniya ang bawat paghakbang, pinilit ni Iska ang lumakad pa papalapit sa puno. Hinahabol niya ang kaniyang hininga. Si Kiko naman, nagtago na sa sombrero nito. Pawis na pawis si Iska. Sa pagod, napahawak siya sa katawan ng puno ng mangga.

Mayamaya, biglang may lumabas na isang ibon. Kahawig ito ng manaul na sinakyan ni Apolaki sa mundo ng Hiraya. Mas maliit nga lang ang ibon na ito na may kakaibang ngiti. Ang kaniyang pagngiti ay ang klase na hindi mo gugustuhing makita sa gabi.

"Kung makatingin ka naman, Iska, parang napakalaki ng kasalanan ko sa iyo?" pagbati ng ibon. Napaatras si Iska nang ngumiti sa kaniya ang ibon. Dahil sa ngiting iyon, naalala niya ang ngiti ng guro sa Matematika bago magbigay ng huling pagsusulit sa ikaapat na markahan.

Napabulong si Kiko kay Iska. "Iska. 'Wag mong asarin ang ibon na 'yan. Yari!"

Hindi nagtagal, lumakas ang ihip ng hangin sa tuktok ng burol. Pumagaspas ang ibon sa harap nila. Sa lakas ng hangin, halos tangayin na ng malakas na hangin sina Iska at Kiko. Napakapit si Kiko sa damit ni Iska. Samantala, si Iska, napaupo sa lupa at humawak sa matataas na talahib roon. Hindi niya lubusang maisip na may pakiramdam pala ang manaul sa harap niya.

Sinubukan ni Iskang gawin ang ginawa niya kanina gamit ang mga mata. Tiningnan niyang maigi ang mga pakpak ng ibong kasinlaki ng maya ngunit grabe kung makapagpalipad sa mga dahon sa paligid nila. Muli niyang inisip na makakalikha siya ng apoy gamit ang kaniyang isip.

Huminga nang malalim sa Iska. Buong lakas niyang inisip ang apoy sa ibabaw ng pakpak ng ibon. Bumilang siya sa isip.

*Isa. Dalawa.*

Muling nagliwanag ang palawit na araw sa kuwintas niya. Bago pa man makabilang ng tatlo, nagliyab ang dalawang pakpak ng ibon. Natigil ito sa pagpagaspas at bumagsak sa lupa. Nawala ang malakas na hangin. Sa wakas ay nakatayo na rin si Kiko nang maayos sa balikat ni Iska.

Lumakad si Iska papalapit sa ibon. Dumampot siya ng lupa at isinaboy ito sa ibong iyon. "Pasensya ka na, kaibigan." Ngumiti si Iska nang mawala na ang apoy sa pakpak nito.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 96 11/20/2024 8:06:55 AM

Nabigla si Kiko sa bilis ng paggamit ni Iska ng kapangyarihan niya. "Ang galing," bigla na lang sabi niya sa dalaga. "Nakuha mo agad ang hiwaga ng araw," dugtong pa nito.

Nang mawala na ang apoy sa pakpak, lumipad na ang ibon papalayo sa kanila. Nahawakan na rin ni Iska ang pinakamataas na puno sa burol. Nagliwanag ang papel. Ito ang hudyat sa susunod na pagsasanay ni Iska. Humawak si Iska sa punong ito upang pumunta sa susunod na pagsasanay.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 97 11/20/2024 8:06:55 AM